


Pagkakataon Para sa Pagtutulungan


Ito ay kwento ng isang ina tungkol sa kanyang paghihirap mula ng maisilang niya ang may kapansanang anak na babae.

“Mula ng maisilang ko ang anak kong babae, araw araw akong umiiyak dahil alam kong maraming pagsubok ang darating. Ngunit ngayon, kung ako ay magbabalik tanaw, dahil sa suporta at pag-aalaga naming mag-asawa at ng buong pamilya, ang aming anak ay ang liwanang ng aming tahanan.




Kahit na may mga agam- agam parin ako tungkol sa hinaharap, maraming tao ang patuloy na tumutulong upang malagpasan ko ang mga paghihirap sa buhay. Sa turo ng Tenrikyo, mayroong Innen na nakikita at Innen na naririnig. Ito ay paraan upang bigyan pansin natin ang pangyayari sa ating paligid, hindi lamang ito tungkol sa atin, bagkus, ito ay may kinalaman sa ibang tao rin. Ang mga pagsubok na ating napagdadaan, malaki man ito o maliit, ay konektado sa mga taong nakapaligid sa atin.

Ang mga pangyayari sa buhay ay hindi para tayo ay pahirapan o ilagay sa mahirap o alanganing sitwasyon, bagkus isipin natin na ito ay pagkakataon para tayo ay magtulungan, at maging hakbang ito upang makapit natin ang Youkigurashi, ang maligayang pamumuhay.”




Pagkakataon Para sa Pagtutulungan



Ito ay kwento ng isang ina tungkol sa kanyang paghihirap mula ng maisilang niya ang may kapansanang anak na babae.

“Mula ng maisilang ko ang anak kong babae, araw araw akong umiiyak dahil alam kong maraming pagsubok ang darating. Ngunit ngayon, kung ako ay magbabalik tanaw, dahil sa suporta at pag-aalaga naming mag-asawa at ng buong pamilya, ang aming anak ay ang liwanang ng aming tahanan.



Kahit na may mga agam- agam parin ako tungkol sa hinaharap, maraming tao ang patuloy na tumutulong upang malagpasan ko ang mga paghihirap sa buhay. Sa turo ng Tenrikyo, mayroong Innen na nakikita at Innen na naririnig. Ito ay paraan upang bigyan pansin natin ang pangyayari sa ating paligid, hindi lamang ito tungkol sa atin, bagkus, ito ay may kinalaman sa ibang tao rin. Ang mga pagsubok na ating napagdadaanan, malaki man ito o maliit, ay konektado sa mga taong nakapaligid sa atin.

Ang mga pangyayari sa buhay ay hindi para tayo ay pahirapan o ilagay sa mahirap o alanganing sitwasyon, bagkus isipin natin na ito ay pagkakataon para tayo ay magtulungan, at maging hakbang ito upang makapit natin ang Youkigurashi, ang maligayang pamumuhay.”